Ayon kay Abe Salamah bin`Abdurrahman,Na sinabi niya ,na tunay na tinanong niya si `Aishah-malugod si Allah sa kanya-Kung papaano magdasal ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa buwan ng Ramadhan? Nagsabi siya;((Hindi nagdaragdag ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa Buwan ng Ramadhan at hindi sa iba nito,nang labing-isang tindig,nagdarasal siya ng apatang (tindig),huwag mong itanong ang kagandahan nito at haba nito,pagkatapos ay nagdarasal siya ng apatang (tindig),huwag mong itanong ang kagandahan nito at haba nito,pagkatapos ay nagdarasal siya ng tatlong tindig,Nagsabi si `Aishah: Sinabi ko,O Sugo ni Allah,natutulog kaba bago ka magdasal ng Witr? Nagsabi siya:( O `Aishah,tunay na ang dalawang mata ko ay natutulog,ngunit hindi natutulog ang Puso ko)) Saheh Al-Bukharie

Ayon kay Abe Salamah bin`Abdurrahman,Na sinabi niya,na tunay na tinanong niya si `Aishah-malugod si Allah sa kanya-Kung papaano magdasal ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa buwan ng Ramadhan? Nagsabi siya;((Hindi nagdaragdag ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan sa Buwan ng Ramadhan at hindi sa iba nito,nang labing-isang tindig,nagdarasal siya ng apatang (tindig),huwag mong itanong ang kagandahan nito at haba nito,pagkatapos ay nagdarasal siya ng apatang (tindig),at huwag mong itanong ang kagandahan nito at haba nito,pagkatapos ay nagdarasal siya ng tatlong tindig,Nagsabi si `Aishah: Sinabi ko,O Sugo ni Allah,natutulog kaba bago ka magdasal ng Witr? Nagsabi siya:( O `Aishah,tunay na ang dalawang mata ko ay natutulog,ngunit hindi natutulog ang Puso ko))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Napag-alaman na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagdadasal sa gabi,sa Buwan ng Ramadhan o sa iba nito,at nang magka gayon,tinanong ni Abu Salamah ang pagdarasal sa (gabi) sa Buwan ng Ramadhan,Kung ang pagdarasal niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa gabi ng Buwan ng Ramadhan ay katulad din ba ng pagdarasal niya sa hindi Buwan ng Ramadhan,sa mga bilang ng tindig o di kaya`y ang mga gawain dito ay naiiba? Sinagot niya ito-malugod si Allah sa kanya-na walang pagkakaiba sa pagdadasal niya sa pagitan ng Buwan ng Ramadhan at wala din sa iba nito,sapagkat siya ay nagdadasal sa pangkalahatan nang labing-isang tindig,walang naidadag-dag dito.Pagkatapos ay ipinahayag niya sa kanya,ang pamamaraan nito sa pagsabi niya: " Nagdadasal siya ng Apatang (tindig) at ang ibig sabihin nito ay nagdadasal siya ng dalawang tindig pagkatapos ay nagsasagawa ng Taslem,pagkatapos nagdadasal siya ng dalawang tindig pagkatapos ay nagsasagawa ng Taslem;Sapagkat si `Aishah-malugod si Allah sa kanya ay tunay na ipinahayag niya at ipinaliwanag niya ang pangkalahatang nasa Hadith,sa ibang Hadith niya na naisalaysay ni Imam Muslim,at nagsabi siya:((Ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagdadasal sa pagitan ng pagkatapos niya magdasal ng Eishah hanggang sa dasal ng Fajr,nang labing-isang tindig,Nagsasagawa siya ng Taslem sa pagitan ng dalawang tindig,at nagdadasal ng Witr nang isang tindig.Kasama ang sinabi niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-(Ang dasal ng gabi ay dalawa,dalawa)Napagkaisaha ang katumpakan." huwag mong itanong ang kagandahan nito at haba nito " ibig sabihin ay: ibig sabihin ay;Huwag mong itanong ang pamamaraan niya,sapagkat ang mga ito sa pinaka-maganda at pinaka-ganap sa kagandahan ng pagbabasa at pag-pahaba ng pagtindig,at pagyuko at pagpatirapa.At gayundin ang apatang-huling tindig,dalawa,dalawa,Huwag mo ng itanong ang kagandahan nito at kaganapan nito sa ganda ng pagbabasa at pag-pahaba ng pagtindig,at pagyuko at pagpatirapa."Pagkatapos ay nagdadasal siya ng tatlong tindig"Ang nakikita rito;Na siya ay nagbabasa rito ng nagbabasa na hindi pinaghihiwalay,pagkatapos ay nagsasagawa siya ng Taslem sa huling tindig,Ngunit ang isang salaysay ni `Aishah,ay nagpapahayag na siya ay nagsagawa ng Taslem sa dalawang tindig,pagkatapos ay nagdasal ng Witr nang isang tindig,at ang patunay nito;"Nagsasagawa siya ng Taslem sa pagitan ng bawat dalawang tindig,at nagdadasal ng Witr nang isang tindig." Nagpapatunay ito na pinag-hihiwalay niya ang pagitan ng Tatlo sa pagsasagawa ng Taslem." Nagsabi si `Aishah; Sinabi ko sa Sugo ni Allah:Natutulog kaba bago ka magdasal ng Witr? Ibig sabihin:Papaano ka natutulog bago ka magdasal ng Witr. "Nagsabi siya: O `Aishah,Tunay na ang dalawang mata ko ay natutulog ngunit hindi natutulog ang Puso ko,at ang kahulugan:Na ang Puso niya pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay hindi nawawala,tulad ng pagkawala ng dalawang mata niya,datapuwat ito ay nakakapag-isip at nakakaramdam sa lahat ng bagay,at kabilang rito: Ang pagpapahalaga sa oras nito at pagpapatupad rito,Kung-kaya`t ang panaginip ng mga Propeta ay Kapahayagan (mula sa dakilang Taga-Paglikha)

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/11268